## Tala: 1

Laparoscopy(includes abstract) Nath R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052401

Abstract: Ginagawa ang operasyong ito sa pamamagitan ng ilang mga hiwang butas ng susian. Ipinapasok ang kagamitang fiberoptic sa isa sa mga hiwa upang tingnan ang loob ng tiyan. Ipinapasok ang mga kagamitang pang-opera sa pamamagitan ng ibang mga hiwa.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Laparoscopy

**(Operasyong Gamit ang mga Hiwang Butas ng Susian)**


ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

### Kahulugan

Ginagawa ang operasyong ito sa pamamagitan ng ilang mga hiwang butas ng susian. Ipinapasok ang kagamitang fiberoptic sa isa sa mga hiwa upang tingnan ang loob ng tiyan. Ipinapasok ang mga kagamitang pang-opera sa pamamagitan ng ibang mga hiwa.

**Mga Instrumentong Laparoscopic na Ipinapasok sa Tiyan**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

### Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Tiyan
- Pambabaeng reproductive system

### Mga Dahilan para sa Proseso

Pinakamadalas gawin ang prosesong ito upang:

- Suriin ang sanhi ng malala o talamak na pananakit ng tiyan o buto ng balakang
- Makita at kumuha ng sample ng tissue mula sa isang masa sa tiyan
- Tayahin ang sanhi ng pagkabaog
- Tayahin ang pinagmumulan ng likidong naiipon sa tiyan
- Subaybayan ang kalagayan ng naunang ginamot na cancer

- Tumulong sa pag-aalam ng yugto ng ilang mga cancer

Maraming mga uri ng operasyon ang maaari na ngayong isagawa sa pamamagitan ng laparoscopy, gaya ng:

- Pagsasa-ayos sa luslos
- Biopsy ng mga organ sa tiyan
- Pagtanggal sa appendix
- Colectomy
- Pagtanggal sa apdo o bato sa apdo
- Tubal ligation
- Operasyon sa ectopic na pagbubuntis
- Pagkuha ng itlog para sa tinutulungang teknolohiyang pangreproduktibo
- Hysterectomy
- Pagtanggal sa fibroid tumor
- Pagtanggal sa glandulang adrenal
- Pagtanggal sa bahagi ng atay
- Splenectomy o pagtanggal sa pali
- Pagsira ng mga pagkakadikit sa tiyan
- Endometriosis
- Mga cyst sa obaryo
- Mga proseso para sa kawalang kakayahang kontrolin ang ihi

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Kondisyon sa puso o baga
- Labis na Katabaan
- Nakaraang operasyon sa tiyan

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Depende sa dahilan para sa iyong operasyon, maaaring gawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal at muling pag-aaral sa mga gamot
- Mga pagsusuri sa dugo (halimbawa, pagsusuri sa pagbubuntis , pagganap ng atay, kalagayan ng electrolyte)
- Pagsusuri sa ihi (urinalysis) upang makita ang impeksiyon sa urinary tract at diabetes
- Ultrasound —isang pagsusuring gumagamit ng sound waves upang suriin ang loob ng katawan
- CT scan —isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng loob ng katawan
- MRI scan —isang pagsusuring gumagamit ng magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng loob ng katawan

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Pag-aralan ang iyong mga gamot kasama ang iyong doktor. Maaaring kailanganin mong itigil ang pag-inom ng ilang mga gamot.
- Depende sa uri ng operasyon, maaaring kailanganin mong uminom ng laxative o gumamit ng enema.
- Ayusin ang sasakyan pauwi.
- Sa gabi bago nito, kumain ng pagkaing magaan sa tiyan. Maliban kung iba ang sinabi ng iyong doktor, huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.

## Anesthesia

General anesthesia o local anesthesia na may pampakalma

## Paglalarawan sa Proseso

Gagawa ang siruhista ng maliit na hiwa sa tiyan. Ang kinaroroonan ng hiwa ay maaaring malapit sa pusod o sa ibabang bahagi ng tiyan. Ipinapasok ang karayom at ginagamit upang iiniksiyon ang carbon dioxide gas sa tiyan. Nagdudulot ang gas ng paglaki ng kalooban ng tiyan. Pinapadali nitong makita ang mga organ. Pagkatapos ay ipapasok ng doktor ang isang laparoscope. Iniilawan, pinapalaki, at inilulunsad ng laparoscope ang imahe sa isang screen. Iniinspeksiyon ang mga organ.

Kung kailangan, ginagawa ang ilang mga hiwa sa tiyan. Pagkatapos ay ipapasok ng doktor ang mga maliliit na aparatong ginagamit upang kumuha ng mga biopsy o operasyon. Pagkatapos, isinasara ang mga hiwa ng mga tahi o mga pang-ipit.

## Pagkatapos ng Proseso

Isang laboratoryo ang susuri sa likido o tissue.

## Gaano Katagal Ito?

Mas maigsi sa isang oras (depende sa uri ng proseso)

## Masakit Ba?

Pinipigil ng anesthesia ang pananakit habang inooperahan. Maaaring magkaroon ka ng pananakit nang dalawang araw habang nagpapagaling. Ngunit, tatanggap ka ng gamot sa pananakit . Maaari ring maramdaman mo ang pamamaga o magkaroon ng pananakit sa iyong balikat dahil sa gas. Maaari itong magtagal hanggang mga tatlong araw.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Gas embolism
- Labis na pagdurugo
- Pinsala sa mga daluyan ng dugo o mga organ (minsan nangangailangan ng agarang bukas na operasyon upang ayusin)
- Mga problemang kaugnay sa anesthesia
- Ang pangangailangan ng bukas na operasyon sa halip na operasyong laparoscopy

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

Kung ginagawa ang proseso upang gumawa ng pagsuri, maaari kang makauwi sa araw ding iyon. Kung magkakaroon ka ng operasyon, maaaring kailanganin mong manatili sa ospital nang ilang araw.

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Sa oras na makauwi, sundin ang mga bilin ng iyong doktor, gaya ng:

- Pagtatanggal sa benda kinaumagahan pagkatapos ng operasyon.
- Iwasan ang pagbubuhat ng mabigat.
- Huwag uminom ng mga inuming may carbon nang dalawang araw.

## Resulta

Depende sa proseso, dapat kang makabalik sa mga regular na gawain sa loob ng isang linggo. Kung ginawa ito upang tumulong sa pagsuri sa kondisyon, magmumungkahi ang iyong doktor ng mga pagpipiliang paggamot. Maaaring magtagal ang mga resulta ng biopsy nang mga 3-5 araw.

## Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Pananakit ng ulo, mga pananakit ng kalamnan, pakiramdam na mahina o nahihilo
- Kahirapan sa pag-ihi
- Mga kumplikasyon ng general anesthesia (halimbawa, ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o malubhang pagduduwal o pagsusuka)

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052401